

Chapter One



“Can I have this dance?”

Kahit ngayon lang niya narinig ang boses, alam na ni Lauren kung sino ang nagmamay-ari niyon. Napagmasdan niya ang mukhang matiim na nakatitig sa kanya at napagtantong tama ang kanyang hula.

Nagtatalo ang kanyang isip. May malaking parte ang nagsasabing ‘*Hinay-hinay lang, kailangang maging maingat*’; pero may maliit na parteng nagrerebelde at sinasabing ‘*Go for it!*’

Nag-aatubili siya ngunit nang tumaas ang kilay ng lalaki na parang naghahamon, umiral ang kanyang pride. Taas-noo siyang tumayo at inabot ang kamay nitong nakalahad. Hindi nakaligtas sa kanyang paningin ang tagumpay sa ngiti nito bago siya hinawakan sa baywang at pinauna.

Naiirita man, hinayaan na lamang ito ni Lauren ngunit nang patungo na siya sa dance floor, humigpit ang hawak nito at iginiya siya papuntang terrace. Agad niya itong hinarap nang marating nila ang di-masyadong naiilawang balkonahe.

“Hindi ito ang dance floor.”

“Naririnig mo pa naman ang music, di ba? I don’t like crowds.” Marahil, naramdaman nitong

sasagot pa siya kaya't hinawakan na lamang ang kanyang mga kamay at ipinatong sa mga balikat nito bago siya hinapit papalapit at nagsimulang gumalaw.

Bumuka ang bibig ni Lauren para tumutol ngunit muli, hinayaan na lamang niya ito. Napangiti siya nang marinig ang opening bars ng susunod na kanta.

*Moon river, wider than a mile,
I'm crossing you in style someday...*

Wari'y lumipad ang mga alalahanin sa kanyang puso habang pinakikinggan ang pamilyar na awitin. Hindi na niya namalayang inihilig na niya ang ulo sa balikat ng kapareha.

Nakahinga nang maluwag si Julian nang maramdaman ang unti-unting pagre-relax ng katawan ng kasayaw. Napapikit na rin ang mga kanyang mata at idinampi ang pisngi sa ulo nito.

Isang responsibilidad na hindi maiiwasan ang pagdalo ni Julian sa pagtitipong ito. Bukod sa kaibigan ng kanyang pamilya ang mga Henares, magkasosyo rin sila sa negosyo. Ilang beses din siyang nagdalawang-isip sa pagpunta. Bukod sa napakahabang biyahe, hindi rin siya mahilig makisalamuha sa napakaraming tao.

Ngunit ang obligasyon ay obligasyon. Balak niya

sanang magtagal ng dalawang oras sa party at kung hindi pa siya gaanong pagod, bumiyahe pabalik sa Manila. Nagbago ang lahat nang makita niya ang babaeng ngayon nga ay nasa kanyang mga bisig.

Kahit sa kahabaan ng dance floor, agad niya itong napansin. May kasayaw ito nang mga sandaling iyon at kahit ngumingiti sa kapareha, may aloofness sa aura nito. Para bang may invisible na kordon kung saan limitado lang ang maaaring makalapit. At nang ihatid ito ng partner sa mesa, malinaw ang mensaheng gusto nitong mapag-isa.

Matagal din itong inobserbahan ni Julian at kahit marami ang nagyaya, hindi na ito muli pang nagpaunlak. Hindi naman nakapagtataka kung bakit lapitin ang babae. Sa malayuan, pansinin agad ito dahil angat ang kaputian sa lahat na lalo pang pinatitingkad ng pula nitong bestida at mahaba't itim na itim na buhok. Average lang ang taas nito, mga 5'3" pero nagmumukhang matangkad dahil na rin sa suot na takong at ganda ng pagdadala sa sarili.

Lumipat si Julian ng puwesto para makita ito nang malapitan ngunit isang shock sa sistema nang mag-angat ito ng paningin at magkatitigan sila.

She's beautiful, simply beautiful.

Iyon ang agad pumasok sa kanyang isip. Big brown eyes, perpektong tangos ng ilong, mapupulang labing nanaisin mong halikan at mamula-mulang mga pisnging hindi

nangangailangan ng kolorete. Hindi maalis ang mata niya sa mukha nito at derecho rin nitong sinalubong ang kanyang tingin. Nang tinaasan siya ng isang kilay ng babae at humarap sa katabi, di niya napigilan ang ngumiti at ma-challenge.

Gusto man niyang agad lumapit, pinigilan niya ang sarili. Ipinagpatuloy lang niya ang pagmamasid at nang umalis ang kausap nito, saka lamang siya gumawa ng hakbang. Sa unang reaksyon pa lamang, alam na niyang tatanggi ito sa kanyang request kaya naman tinaasan niya rin ito ng kilay. Hindi man niya ito kilala, alam niyang ma-pride ito. Hindi siya nagkamali nang tumaas ang noo ng babae at tanggapin ang kanyang kamay.

Sinadya niyang igiya ang babae papuntang terrace. Kahit may mangilan-ngilang tao, mas may privacy roon kaysa sa loob at malamlam ang liwanag na nagmumula sa mga fairy lights na nakasabit sa paligid. Nag-iisip pa siya ng paraan para mapanatag ang kasayaw sa kanya pero hindi niya inaasahan na musika lang pala ang makapagpapa-relax dito.

Mahina man, naririnig ni Julian ang pagsabay nito sa lyrics ng kanta. “Do you like the song?”

Nagitla man, tumango lamang si Lauren. “Favorite siya ng parents ko. They used to dance to this song.”

“That’s a good memory.” Napangiti ang binata.

“It is.”

Sabay silang nag-angat ng ulo at sabay rin nilang

naramdaman ang impact nang magsalubong ang kanilang tingin. Gusto pang patagalin ni Julian ang sandali pero muli itong humilig sa kanyang balikat. Subalit huli na para maitago ang reaksyong ramdam niya sa bahagyang panginig ng katawan ng babae. Sigurado siya dahil ganoon din ang kanyang nararamdaman.

What the hell is this? naguguluhang tanong niya sa sarili.

Oo nga at attracted si Julian pero sa edad niyang thirty, normal na pangyayari iyon.

She's beautiful, yes, pero hindi ito ang una o huling pagkakataong makakakilala siya ng magagandang babae. And yet, ngayon lang siya nakaramdam ng ganito. Na para bang may mami-miss out siya sa buhay kung hahayaan niya itong makawala.

Crazy, this is crazy. Kanina pa paulit-ulit na sinasabi iyon ni Lauren sa sarili. Hindi siya impulsive na tao. Oo nga at nagmarka sa kanyang isip ang mukha ng lalaki, pero hindi iyon dahilan para mag-react siya ng ganito. Twenty-five na siya, hindi man sapat ang karanasan niya sa mundo, hindi rin siya naïve. Hindi niya maintindihan kung bakit hindi gumagana sa lalaking ito ang lahat ng kanyang depensa.

Huminga siya nang malalim at unti-unti niyang ibinaba ang mga kamay. Intensyon niya ay kumalas sa yakap nito at magpaalam pero humigpit ang

hawak nito sa kanyang baywang.

“Don’t. Please don’t. Alam ko gusto mong makalayo and I know why. I’m asking you, stay.”

Mahina man, may tigas sa pakiusap nito.

Puwede siyang kumawala. Nakasisiguro siya na hindi naman siya pipilitin ng lalaking ito kung hindi niya kagustuhan pero may kung anong puwersang nagtulak sa kanya upang muling ibalik ang mga kamay sa dating kinalalagyan at humilig muli sa dibdib nito.

Hindi maipaliwanag ni Julian kung bakit pakiramdam niya ay isang malaking pagsubok ang kanyang nalampasan. Hinagod niya ang likod nito hanggang unti-unting nawala ang tensyon sa katawan ng kayakap.

“Tell me your name.”

Sandaling nag-isip si Lauren bago, “Lily, I’m Lily. Ikaw?”

Hindi man direktang pagsisinungaling pero, “Simon, I’m Simon.”

Batid nila na kapwa sila hindi naging tapat pero pareho nila iyong pinalagpas. Inaamin man nila ang mutual attraction na nararamdaman para sa isa’t isa, batid din nilang hindi iyon ang klase ng damdamin na maaaring pagkatiwalaan.

*It’s not the pale moon that excites me
That thrills and delights me...*

“It’s just the nearness of you,” pabulong na sabay ni Julian. Sa pagkakataong iyon, nagsimula na siyang sumayaw.

Maagap na sinundan ni Lauren ang galaw ng kapareha.

Kapwa nila hinayaang gabayan sila ng musika.

When you’re in my arms and I feel you so close to me

All my wildest dreams came true...

Bumaba ang mukha ni Julian patungo sa punong-tainga ng kasayaw. Naamoy niya ang apple-scented nitong buhok at awtomatiko niya itong nahapit papalapit. Sa higit ng kanyang yakap, damang-dama niya ang lambot ng katawan nito at ibayong init ang gumapang sa kanyang katawan. Hindi niya balak pero dinala siya ng mga paa patungo sa dulo ng balkonahe.

If you’ll only grant me the right

To hold you ever so tight...

Malamig ang hangin ngunit hindi iyon alintana ni Lauren. Ngayon pa lamang niya naranasan kung paano ba kailanganin ng isang babae ang isang lalaki. Ang init na nagmumula sa magkadikit nilang katawan ay gumagapang sa buo niyang pagkatao. Waring may sariling isip ang kanyang mga kamay na

gumapang paakyat sa batok ng kasayaw at sumuklay sa buhok nito.

...The nearness of you

Naramdaman niya ang halik sa kanyang buhok, pababa sa kanyang pisngi. Nang iangat niya ang ulo, sandali lamang silang nagkatinginan ngunit naiparating nila sa isa't isa ang mensahe. Nagtagpo ang kanilang mga labi, mainit, mapusok.

Iglap ang daloy ng pagnanasa kay Julian. Naisandal niya sa kalapit na pader and babae bago umangat ang isa niyang kamay at sumapo sa leeg nito at ang isa naman ay ginamit niya upang idiin palapit sa kanya ang pang-ibabang katawan nito. Sa dilim, para na lamang silang iisang tao.

Imbis na matakot sa nararamdamang reaksyon ng lalaki, mas lalong humigpit ang yakap ni Lauren dito at kusang gumalaw ang kanyang balakang. Malaya siyang gumanti ng halik at sumabay sa bawat mapangahas na galaw ng bibig nito.

Kapwa nila habol ang hininga nang sumandaling maghiwalay ang kanilang mga labi.

Muling bumaba ang ulo ni Julian patungo sa leeg ng babae. Hindi niya naririnig ang boses na tumatawag pero naramdaman niya ang pagkagitla ng kayakap at ang tensyong bumabalot dito.

“Sir?” nangingiming ulit ng waiter. “Sir, I’m sorry pero magsisimula na ang announcement. Kailangang

nasa loob na ang mga guests.”

Awtomatikong iniharang ni Julian ang katawan para protektahan ang kaulayaw.

“Fine. Susunod na kami.” Hinintay niyang makalayo ang waiter bago iniangat ang mukha ng kayakap. “It’s okay. I’m sure hindi ka niya nakita.”

Mabilis na bumitaw si Lauren sa lalaki. Ayaw niyang malaman nito na hindi ang waiter ang rason ng kanyang pagkabigla. Pag-angat ng tingin niya kanina, alam niyang nakilala siya ng isa pang lalaking nasa likod lamang ng waiter. Hindi matatawaran ang shock sa mukha ng *kakilala* niya bago iyon napalitan ng galit at pang-uuyam.

“You have to go.”

“We’ll go together.”

Nagpumilit siyang kumalas sa yakap nito. “No. Aayusin ko muna ang sarili ko. Mauna ka na.”

Napakunot ang noo ni Julian. Iniharap niya ang mukha nito at kahit may kadiliman malinaw niyang nababasa ang pagkapahiya at pagsisisi sa ekspresyon nito. Masuyo niyang hinaplos ang pisngi ng babae.

“Lily, it’s okay.”

I’m not Lily! gustong isigaw ni Lauren, pero hindi niya magawa.

“No, it’s not. Hindi ko alam kung bakit ko nagawa ’yun. I’m sorry, Simon.”

Bumuka ang bibig ni Julian para sabihin ang tunay niyang pangalan pero hindi niya itinuloy. Muli na lamang niya itong niyakap.

“Don’t be. And don’t expect me to apologize. Hindi ko pinagsisisihan ang nangyari.”

Gustong gumanti ng yakap ni Lauren ngunit pinigilan niya ang sarili. Ang tanging nais niya ay makalayo na lamang sa sitwasyon. Pinilit niya ang sariling ngumiti sa kaharap.

“Okay. Mauna ka na. Susunod ako.”

Matagal na tumitig si Julian sa mukha ng babae bago mabining humalik sa namumula pa nitong mga labi. “Okay. Hihintayin kita sa loob.” Napipilitan man, tumalikod na siya nang tumango ito.

Habang minamasdan ni Lauren ang lalaki, lihim siyang umusal ng paalam. Nang makita niyang pumasok na si *Simon* sa mansion, agad siyang sumunod para kunin ang kanyang bag at shawl na naiwan niya sa mesa. Napahinto siya nang may humarang sa kanyang daraanan.

“Well, well, well.” Nakakaloko ang ngisi ng lalaki—ang kakilala niya. “Imagine that. Ang di-makabasag pinggan na si Lauren Navarro. Sino’ng mag-aakalang nasa loob pala ang kulo mo?”

Humugot siya ng malalim na hininga bago taas-noong humarap dito. “Chris. Should you be out here? Ia-announce na ang engagement mo.”

Kahit nagkibit-balikat lamang ito, napansin niya na tumingin muna ito sa direksyon ng party. “They can wait. Hindi naman matutuloy kung wala ako, right?” Humakbang ito palapit at hinawakan ang pisngi ni Lauren. “You surprise me. All these months

you kept me at arms length, kung kaninong lalaki ka lang pala bibigay.” Humigpit ang pisil nito.

Kahit nasasaktan, hindi siya nagbigay ng anumang indikasyon. “It’s nothing compared sa shock na ibinigay mo sa akin. You’re not just a cheat, magnanakaw ka pa.”

Nang tumaas ang kamay nito at akmang sasampalin siya, pinalakas ni Lauren ang boses na akala mo ay may binabati. Sapat na iyon para mapatigil ang lalaki.

At sa mababang boses, “Careful. Pwede akong mag-iskandalo pero ano na lang ang sasabihin ng future in-laws mo?”

“Bitch,” mahina ngunit galit na sabi nito.

“You got it. Wala akong pakialam na ipinagpalit mo ako. I can even understand, but I take it personally na ninakaw mo ang account ko.” Ngumiti nang matamis si Lauren. “Nga pala, nakahanda na ba ang presentation mo?”

Namula ang mga pisngi ng lalaki sa tinitimping galit. “You’ll pay for this.”

Tumaas lang ang kilay niya. “Hinihintay ka na ng fiancée mo.”

Isang matalim na tingin ang ipinukol nito sa kanya bago tuluyang umalis. Nanghihinang napasandal na lamang sa pader si Lauren. Nang mahamig ang sarili ay dali-dali siyang pumasok para kunin ang kanyang gamit at agad ding lumabas ng mansion.

Chapter Two



Habang papalayo si Lauren, naririnig pa rin niya ang ingay ng selebrasyon. Nang marating niya ang steps ng mansion saka lamang niya naalalang hindi niya alam kung saan naka-park ang kotse. Dahil wala siyang makitang attendant, nagdesisyon siyang hanapin na lamang ang parking area.

Sa kalayuan, tanaw niya ang lawa na tinatamaan ng liwanag ng buwan. Sa tour kaninang umaga sa napakalaking hacienda, nakaagaw ng kanyang pansin ang nasabing man-made lake.

Hinayaan ni Lauren na dalhin siya ng mga paa patungo roon.

Nang masapit ang pampang, nanghihinang napaupo siya sa malapad na upuang bato. Agad niyang isinuot ang balabal nang maramdaman niya ang panginginig ng katawan, hindi lamang dahil sa lamig ng gabi kundi dahil na rin sa shock.

What am I doing here?

Mapait siyang napatawa.

Simple lang ang sagot. Pride. Alam ng buong kumpanya na nagdi-date sila ni Chris kaya't nabigla ang lahat nang i-announce ang engagement nito kay Bianca Henares. Bukod sa kanyang team, walang ibang nakakaalam na pati ang account niya sa

Henares Industries ay ninakaw nito.

Dahil pinairal niya ang pride, nagpunta siya sa engagement party ng lalaki kahit pinigilan pa siya ng kaibigang si Fran. Nang maalala ang huli, kinuha niya ang cell phone at nag-text dito. Sa mensahe, sinabi niyang nauna na siyang bumalik sa resort na tinutuluyan nila.

Hindi kailanman naging boto si Fran kay Chris, pero sinamahan pa rin siya ng kaibigan dito sa Ilocos para umano ipakita ang suporta nito.

Napasulyap si Lauren sa mansiong pinanggalingan. Kahit sa malayo, impressive ang ancestral home ng mga Henares. Hindi iyon nakapagtataka, isa sa mga kilalang angkan ang mga ito sa Ilocos Sur. Sa research na ginawa niya, alam niyang sa tabako nagmula ang yaman ng pamilya pero dahil na rin sa talino sa negosyo ni Roberto Henares, mas lalo pang yumaman ang mga ito.

Napabuntong-hininga siya. Sa una pa lamang, alam niyang mataas ang ambisyon ni Chris. Nang pumutok ang balita tungkol dito at sa nag-iisang anak na babae ni Roberto Henares, nabigla rin siya. Gayunman, hindi niya iyon dinibdib.

Mas malaking blow sa kanya ang malamang sinulot ni Chris ang pinaghirapan niyang trabaho.

Pero hindi iyon ang dahilan kung bakit labis siya ngayong nababalisa. Maging ang reaksyon ni Chris kanina ay expected na niya. Kahit ilang buwan din tumagal ang kanilang relasyon, ilang halik lamang

ang pinahintulutan niya. Isa sa frustrations ng lalaki ay ang paglalagay niya ng limitasyon pagdating sa kanilang intimacy. Hindi nakapagtataka na mabigla ito sa nasaksihan mula sa kanya kanina.

Nararamdaman ni Lauren ang pag-iinit ng kanyang mukha. No, hindi lamang si Chris ang nabigla. Hindi rin niya mapaniwalaan ang kanyang mga aksyon. To think na all these years, ang ipinagmamalaki niyang self-control ay basta na lamang magigiba ng isang estranghero ay isang malaking misteryo sa kanya.

But it happened. Hanggang ngayon, nararamdaman pa rin niya ang halik at hawak ni Simon at ang di-matatawarang reaksyon niya. Muling gumapang ang kuryente sa kanyang katawan nang maalala ang mainit na tagpo sa balkonahe at ang lalaking unang pumukaw sa kanyang pagkababae.

Simon. Nakita niya agad ito pagpasok pa lamang nito sa ballroom ng mansion. Formal ang event at karamihan sa mga lalaki ay naka-Barong. Si Simon ang bukod-tanging naka-tuxedo. Iisipin mong maa-out of place ang lalaki sa suot, pero may natural sa pagdadala nito ng pormal na attire. Matangkad kasi at matikas ang pangangatawan, nag-stand out ito sa karamihan ng mga bisita.

Kahit curious siya sa lalaki, hindi iyon sapat para makabawas sa pagnanais niyang makaalis na. Nag-iisip na siya ng dahilan kanina para yayain si Fran

na umuwi nang lumapit ang lalaki sa kanilang table. Mas malakas ang impact nito sa malapitan at hindi rin niya alam kung paano niya naitago ang kanyang pagkabigla.

Matangkad ang lalaki, mga 5'11" at ang kulay nito ay ang sinasabing kayumangging kaligatan. Ang katawan nito ay sa isang swimmer, malapad na mga balikat at trim na katawan. Ngunit higit niyang napansin ang mga mata nito. Malalim at malamlam, very expressive. Pakiramdam ni Lauren, mababasa niya ang lahat ng emosyong nararamdaman nito. Napaka-aristokratiko ng mukha ng lalaki lalo na ang matangos na ilong. At lumabas ang pagka-arogante nang taasan din siya ng kilay.

Ang mga naganap mula nang nagdesisyon siyang kunin ang kamay nito ay nagsalimbayan sa kanyang isip. Napayuko si Lauren at tinakpan ng dalawang kamay ang mukha. Hindi niya alam kung paano ipapaliwanag ang nangyari. Na bukod sa hinayaan niya lang si Simon, malaya rin siyang nag-participate. At kung hindi sila naabala, hindi niya alam kung hanggang saan sila makakarating.

Nagtaas siya ng mukha. Ang nangyari ay nangyari na, wala na siyang magagawa. At kung honest siya sa sarili, aaminin niya na wala siyang pinagsisisihan. Hindi man niya naiintindihan kung bakit sa lalaking iyon lamang siya waring nabuhay, tatanggapin niya. It's not as if magkikita pa silang muli.

Buo ang desisyong tumayo si Lauren at tumalikod para lisanin ang lugar na iyon. Napahinto siya nang makitang hindi pala siya nag-iisa. Nang bumilis ang tibok ng kanyang puso, alam na niya kahit sa dilim kung sino ito.

“So, dito ka pala nagtatago.” May bahid ng galit ang boses ng lalaki.

Taas ang noong sumagot siya. “Hindi ako nagtatago.”

Lumakad ang lalaki palapit. “Right. So when you said na susunod ka sa akin, did you think na dito ako nagpunta?” ang sarkastikong tanong.

Hindi makasagot si Lauren. Mahigpit na lamang niyang hinawakan ang shawl.

Napabuntong-hininga si Julian. Hindi niya balak magalit sa babae, pero nang lumipas na ang mahabang sandali at hindi ito dumating, agad niyang iniwan ang party at hinanap ito. Hindi niya inaasahang nakalayo na pala ito at kung hindi siya nagkakamali, may balak nang umalis. Pinilit niyang kalmahin ang sarili bago lalong lumapit.

“I’m sorry. I didn’t mean to sound so angry.”

“It’s okay. Dapat nagpaalam ako.”

“So, aalis ka na talaga?” Hindi alam ng binata kung saan nanggaling ang nararamdaman niyang panic.

Sinalubong ni Lauren ang matamang titig ng lalaki. “I have to.”

Umangat ang isang kamay ni Julian at hinaplos

ang mukha ng kaharap. “Why?”

Inihilig ni Lauren ang pisngi sa kamay nito.
“Hindi ko naiintindihan ang nangyayari.”

Ang isang kamay ni Julian ay humawak sa baywang ng babae. “Then don’t. It’s crazy, alam ko. Be with me. Stay with me.”

Sa sandaling iyon, itinapon na ni Lauren ang lahat ng alalahanin sa hangin.

What the hell, naisip niya.

For once, hindi niya gagamitin ang utak. Hindi na siya nagsalita, lumapit na lamang siya at yumakap dito. Nang magtagpo ang kanilang mga labi, para siyang magliliyab sa init ng kanilang halik.

Ayaw nang kuwestiyunin pa ni Julian kung bakit nagbago ang isip ng babae. Humigpit ang kanyang yakap at malayang gumalaw ang mga kamay. Naging mapangahas din ang kanyang bibig. Kapwa sila humihingal nang maghiwalay. Matiim ang titig niya sa babae.

“Are you sure?” he asked.

“Yes,” she replied clearly.

“No regrets?”

Umiling lamang si Lauren at humawak sa pisngi ng estranghero. “Ngayon? Wala.”

Masuyong hinagkan ni Julian ang noo ng babae. “Then come with me.”



Nagkaroon ng ideya si Lauren kung gaano kalapit si Simon sa pamilya Henares nang

makarating sila sa guesthouse malapit sa lawa. Nakita niya ang guesthouse na iyon kaninang umaga at nagandahan siya sa disenyo na base sa mga kabinang nakikita niya sa mga imported magazines.

Two-storey ang bahay, hindi kalakihan at gawa sa kahoy ang buong labas. Simple at mukhang kaaya-aya. Nang buksan ng lalaki ang pinto, pumasok sa isip ni Lauren na kahit hindi kasing-pormal ng main house, litaw pa rin ang ingat na ginamit sa pag-decorate niyon.

Maliban sa unang sulyap, hindi na siya nabigyan pa ng pagkakataong mamasdan ang kabuuan ng bahay. Pagkasara pa lamang ng pinto, humarap na sa kanya ang lalaki at muli siyang ikinulong sa mga bisig nito. Sa wari ni Lauren ay mapapaso siya sa init ng katawan at malulunod siya sa lalim ng halik nito.

Alam ni Julian na may halong desperasyon ang kanyang bawat kilos ngunit wala siyang paraan para huminto at bagalan ang mga pangyayari. Marahil kung may nararamdaman siyang pagtutol mula sa babae, makokontrol pa niya ang sarili ngunit katulad niya, tupok na rin ito sa apoy ng kanilang pagnanasa.

Agad niya itong pinangko at humakbang paakyat ng hagdan. Nang makarating sa kuwarto, ibinaba niya ito sa paanan ng kama. Muling nagtagpo ang kanilang mga labi at mabilis nilang inalis ang saplot ng isa't isa.

Muli niya itong binuhat at inihiga sa kama. May ilang sandali ring nagsawa ang kanyang mga mata sa perpektong kahubdan ni Lily bago kumilos ang kanyang mga kamay at sinapo ang dibdib nito. Mas lalo siyang naudyukan nang marinig ang impit na iyak ng babae at ang kamay nitong mahigpit na humahawak sa kanyang ulo. Bumaba ang kanyang labi hanggang naikulong niya sa bibig ang mala-rosas na tuktok nito. Mistula siyang sanggol na sumusupsop sa dibdib ng ina.

Napapaliyad si Lauren sa nararamdamang ligaya. Ang balakang niya ay umaangat na animo may gustong abutin at nang maramdaman niya ang kamay ng kaniig sa bukana ng kanyang pagkababae, kusang naghiwalay ang kanyang mga hita at hinayaan itong magsaliksik. Ibayong gloria ang kanyang naramdaman nang gumalaw ang mga daliri nito. Ilang sandali pa at hinahabol na niya ang hininga at napuno ang silid ng kanyang tili.

Nararamdaman ni Julian ang pangininginig ng katawan nito at alam niyang narating na ni Lily ang sukdulan. Mabilis siyang umibabaw at hinalikan ito sa labi bago marahas na umulos. Natigilan siya nang maramdaman ang mariing pagbaon ng kuko nito sa balikat niya.

It can't be, tutol ng kanyang isip.

Gulat na napatingin siya sa mukha nito. Kagat nito ang labi at halatang nasasaktan.

“Bakit hindi mo sinabi sa akin?”

Nagmulat ng mga mata si Lauren at masuyong hinaplos ang mukha ng lalaki. “I didn’t want you to stop. Isa pa, hindi siya importante.” Nakikita niya ang butil-butil na pawis ng kaulayaw, prueba ng pagpipigil nito sa sarili. Iniangat ni Lauren ang balakang. Kahit may kahalo pang sakit, muling bumabalik ang pagnanasang nararamdaman niya.

Sinasabi ng isip ni Julian na tumigil ngunit alipin ng kamunduhan ang kanyang katawan. Nang gumalaw ang babae, hindi niya mapigilan ang sumabay. Muli, tumingin siya rito.

Ngumiti lamang si Lauren bago inudyukan ang lalaki sa pamamagitan ng malalim na halik na iginawad sa mga labi nito. Sa una, mabagal ang galaw, marahan ang pag-ulos hanggang sa muling bumalik ang init sa kanya. Unti-unti bumibilis ang galaw nito at wala sa sariling sumasabay si Lauren hanggang pareho nilang narating ang sukdulan.



Naalimpungatan si Lauren sa mga kamay na malayang humahaplos sa kanyang dibdib. Nang magmulat ang kanyang mga mata, nakita niyang nakangiti si Simon sa kanya.

Walang pagmamadali sa mga galaw ni Julian. Masuyo niyang hinalikan si Lily sa labi habang ang kamay niya ay pumipisil sa dibdib nito.

“I’ll go slow this time.”

Tinupad nito ang pangako. Hinayaan ni Lauren na gawin nito sa kanya ang mga bagay na hindi niya

inaasahan. Mabilis siyang nadarang sa bawat hagod ng mga kamay nito, sa paghalik nito sa kanyang balat, hanggang sa muling magsanib ang kanilang katawan. Wala nang anumang sakit, bagkus ay walang katapusang gloria ang kanyang naranasan.



Mataas na ang araw nang magising si Julian. Nakangiti siyang humarap sa katabi at napakunot ang kanyang noo nang makitang mag-isa na lamang siya sa kama.

“Lily?”

Nang walang marinig na sagot, napatayo siya at dali-daling lumabas ng kuwarto. Ilang minuto pa, saka lang niya natanggap na umalis na ang babae. Nanlulumong umakyat siyang muli sa kuwarto at napaupo sa kama. Isang piraso ng papel ang nalaglag sa kanyang paanan.

No regrets. Goodbye.

Maingat niyang itinupi ang sulat bago tumayo at naglakad papuntang bintana. Nagbalik ang mga alaala ng nagdaang gabi at nagtagis ang kanyang bagang.

Goodbye?

No way.

Nang mga oras na iyon, nangako si Julian sa sarili.

Whatever it takes, hahanapin kita, Lily.